Employment Development Department
State of California

# ANG PATAS NA OPORTUNIDAD AY ANG BATAS

Labag sa batas na ang tumatanggap na ito ng pederal na tulong pinansiyal ay mandiskrimina ayon sa mga sumusunod na batayan: laban sa sinumang indibidwal sa Estados Unidos, batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian (kabilang ang pagbubuntis, panganganak, at mga nauugnay na kalagayang medikal, pagtatakda ng stereotype batay sa kasarian, pagiging transgender, at pagkakakilanlan sa kasarian), bansang pinagmulan (kabilang ang limitadong kasanayan sa wikang Ingles), edad, kapansanan, o politikal na kaugnayan o paniniwala, o, laban sa sinumang benepisaryo ng, aplikante sa, o kalahok sa mga programang nakakatanggap ng tulong-pinansiyal alinsunod sa Titulo I ng Workforce Innovation and Opportunity Act (Batas sa Pagbabago at Oportunidad sa Lakas-paggawa, WIOA), batay sa katayuan ng pagkamamamayan ng indibidwal o ang paglahok niya sa anumang programa o aktibidad na nakakatanggap ng tulong-pinansyal alinsunod sa Titulo I ng WIOA.

Dapat gumawa ng mga makatuwirang hakbang ang mga tumatanggap ng pederal na tulong-pinansyal upang matiyak na magkasingbisa ang pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may kapansanan at pakikipag-ugnayan sa iba. Ibig sabihin, kapag hiniling, at nang walang babayaran ang indibidwal, kinakailangan ng mga tumatanggap na magbigay ng mga naangkop na karagdagang tulong at serbisyo sa mga kwalipikadong indibidwal na may mga kapansanan.

# ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG NANINIWALA KANG NAKARANAS KA NG DISKRIMINASYON

Kung sa palagay mo ay dumanas ka ng diskriminasyon sa isang programa o aktibidad na nakakatanggap ng tulong-pinansyal alinsunod sa Titulo I ng WIOA, maaari kang maghain ng reklamo sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pangyayari sa Equal Opportunity Officer (Opisyal sa Patas na Oportunidad) ng tumatanggap o sa taong itinalaga ng tumatanggap. Maaaring ipadala ang mga reklamo sa Employment Development Department (Departamento sa Pagpapaunlad sa Pagtatrabaho) o sa Civil Rights Center (Sentro ng Mga Karapatang Sibil) ng Department of Labor (Departamento ng Paggawa) sa:

**Equal Opportunity Officer**
**Employment Development Department (EDD)**
**PO Box 826880, MIC 83**
**Sacramento, CA 94280**

*O kaya sa*

**Director, Civil Rights Center (CRC), Department of Labor**
**200 Constitution Avenue NW, Room N–4123**
**Washington, DC 20210**

Maaari ding iparating ang reklamo sa EDD sa pamamagitan ng email sa **EEOmail** (EEOmail@edd.ca.gov), o ayon sa direksyong nasa website ng **Civil Rights Center** sa Departamento ng Paggawa (dol.gov/crc).

Kung ihahain mo ang iyong reklamo sa tumatanggap, dapat mong hintaying mag-isyu ang tumatanggap ng nakasulat na *Notice of Final Action (Abiso sa Huling Pagkilos)*, o na lumipas ang 90 araw, o alinman ang mauna, bago maghain sa CRC (tingnan ang address sa itaas).

Kung hindi ka bibigyan ng tumatanggap ng nakasulat na *Abiso sa Huling Pagkilos* sa loob ng 90 araw mula sa paghain mo ng reklamo, hindi mo kailangang maghintay na mag-isyu ang tumatanggap ng nasabing abiso bago ka maghain ng reklamo sa CRC. Gayunpaman, dapat mong ihain ang iyong reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng 90 araw na deadline (sa madaling salita, sa loob ng 120 araw mula sa petsa ng paghain mo ng reklamo sa tumatanggap).

Kung bibigyan ka ng tumatanggap ng nakasulat na *Abiso sa Huling Pagkilos* kaugnay ng iyong reklamo, ngunit hindi ka nasisiyahan sa desisyon o resolusyon, maaari kang maghain ng reklamo sa CRC. Dapat mong ihain ang iyong reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw mula sa petsa kung kailan mo natanggap ang Abiso sa Huling Pagkilos.

Ang EDD ay isang employer/programa na nagbibigay ng patas na oportunidad. Makakakuha ng mga karagdagang tulong at serbisyo ang mga indibidwal na may mga kapansanan kung hihilingin. Kailangang ihain ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o mga alternatibong format sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (voice). Para sa mga gumagamit ng TTY, mangyaring tumawag sa California Relay Service sa 711.